

# PANGHALIP

Ano ang Panghalip,  
Halimbawa ng Panghalip, Uri,  
Gamit, at Kaukulan



Ang panghalip ay kasama sa mga bahagi ng pananalita. Sa pahinang ito ay matututunan mo kung ano ang panghalip, mga uri ng panghalip, gamit, at kaukulan.

Mababasa mo rin dito ang ilang mga halimbawa ng panghalip na makakatulong upang mas mabilis mong maunawaan ang araling ito.

## Ano ang Panghalip?

Ang panghalip o pronoun sa wikang Ingles ay ang salitang humahalili o pamalit sa ngalan o pangngalan na nagamit na sa parehong pangungusap o kasunod na pangungusap.

## Mga Halimbawa ng Panghalip sa Pangungusap

Narito ang sampung halimbawa ng panghalip sa pangungusap.

1. *Ako* ay Pilipino.
2. Saan *ka* pupunta?
3. *Akin* ang saranggolang ito.
4. Ang *iyong* damit ay bago.
5. Sa *kanya* ang payong na 'to.
6. *Ilan* ang itlog sa basket?
7. *Iyon* ang nawawalang aso ni Ramil.
8. *Sinu-sino* ang tauhan sa kwento?
9. Lumapit *ka* dito.
10. Ligtas *diyan* ang alaga mong ibon.

## Uri ng Panghalip

May pitong (7) uri ng panghalip: ang panghalip panao, pamatlig, panaklaw, pananong, paari, pamanggit, at patulad.

### 1. Panao

Ang panghalip panao ay nakikilala sa Ingles bilang personal pronoun. Ito ay mula sa salitang 'tao', kaya nagpapahiwatig ito na 'para sa tao' o 'pangtao'. Ipinapalit ito sa ngalan ng taong nagsasalita, sa taong kausap, o sa taong pinag-uusapan.

Ilan sa mga halimbawa ng panghalip panao ay ang mga salitang *ako*, *ko*, *akin*, *amin*, *kami*, *kayo*, *atin*, *inyo*, *kita*, *kata*, *mo*, *siya*, *kanila*, at *kanya*.

### Mga Halimbawa ng Panghalip Panao sa Pangungusap

- Sa *akin* ang tuwalyang pula.
- *Ako* ay *kumain* ng sopas.
- Sa *inyo* *kami* kakain ng hapunan.
- Binili *ko* ang sumbrero sa mall.

- Sa *akin* ang laruang kotse.
- Doon *kayo* magbakasyon sa Tagaytay.
- Sa *kanila* ay maraming manggang hinog.
- Tingnan *mo* ang hawak kong lobo.
- *Siya* ang kumuha sa bata.
- Sa *ating* bansa ay maraming magagandang tanawin.

## Kailanan ng Panghalip Panao

---

Narito ang tatlong kailanan ng panghalip panao.

### A. Isahan

Ang mga halimbawa nito ang mga salitang *ako, ko, akin, kita, ka, iyo, mo, siya, kanya, at niya*.

### B. Dalawahan

Ang mga halimbawa nito ang mga salitang *atin, at natin*.

### C. Maramihan

Ang mga halimbawa nito ang mga salitang *inyo, kayo, ninyo, sila, kanila, at nila*.

## 2. Pamatlig

---

Ang panghalip pamatlig o demonstrative pronoun sa wikang Ingles ay inihalili sa pangngalang nagtuturo ng lugar na kinalalagyan ng pangngalan. Ito ay inihahalili rin sa pangngalan na malapit o malayo sa nagsasalita, kinakausap, o nag-uusap.

### Uri ng Panghalip Pamatlig

---

May apat na uri ang panghalip pamatlig. Ito ay ang mga sumusunod:

#### A. Pronominal

Ang mga halimbawa nito ay ang *ito, nito, dito, iyan, niyan, diyan, iyon, roon, at doon*.

#### Mga Halimbawa ng Panghalip Pamatlig sa Pangungusap (Prominal)

- Ang payong na *ito* ay kay Sandara.
- *Iyon* ang mga saging.
- *Doon* nakatira si Perla.

#### B. Panawag Pansin

Ang mga halimbawa nito ay ang *eto, heto, ayan* o *hayang*, at *ayun* o *hayun*.

#### Mga Halimbawa ng Panghalip Pamatlig sa Pangungusap (Panawag Pansin)

- *Eto* ang hinahanap kong laso.
- *Ayan* ang regalo ko sa iyo.
- *Ayun* ang asawa mo.

#### C. Patulad

Ang mga halimbawa nito ay ang *ganito*, *ganiyan* o *ganyan*, at *ganoon* o *gayon*.

### Mga Halimbawa ng Panghalip Pamatlig sa Pangungusap (Patulad)

- *Ganyan* ang aklat na nais kong basahin.
- *Ganito* ang gagawin natin mamaya.
- *Ganoon* mo ilagay ang mga plato.

### D. Panlunan

Ang mga halimbawa nito ay ang *narini*, *nadini*, *narito*, *nandiyan*, *nariyan*, *naroon*, at *nandoon*.

### Mga Halimbawa ng Panghalip Pamatlig sa Pangungusap (Panlunan)

- *Narini* ang sulat ni Lita.
- Ang pitaka ni Paula ay *narito*.
- *Nandiyan* sa silid ang hinahanap mong baro.

## 3. Panaklaw

Ang panghalip panaklaw na tinatawag na indefinite pronoun sa Ingles ay salitang panghalili o pamalit sa pangngalan na sumasaklaw sa kaisahan, dami, bilang, o kalahatan.

Mula ito sa salitang 'saklaw' kaya't may pahiwatig na 'pangsaklaw' o 'pangsakop'. Tumutukoy ito sa isang pangngalan na di tiyak o walang katiyakan kung sino o ano ito.

Ilan sa mga halimbawa ng panghalip na panaklaw ang mga salitang *lahat*, *madla*, *sinuman*, *bawat isa*, *alinman*, *anuman*, *saanman*, at *ilan*.

### Mga Halimbawa ng Panghalip Panaklaw sa Pangungusap

- Ang *sinumang* hindi sumunod sa utos ng hari ay parurusahan.
- *Bawat isa* ay may tatanggaping tulong mula sa gobyerno.
- Ang *ilan* sa inyo ay sumama sa akin.
- *Alinman* sa mga prutas ay maaari mong kainin.
- *Lahat* ng tao at hayop ay binigyang buhay ng Diyos.
- Matigas ang ulo ng *madla*.
- *Saanman* kayo magpunta ay mahahanap pa rin kayo.
- Hindi *lahat* ng matalino ay mayaman.
- *Ilan* lang ang nakatapos ng pag-aaral.
- *Anumang* gawin ninyo ay ipagsusulit ninyo sa Diyos.

## 4. Pananong

Ang panghalip pananong na kilala sa Ingles bilang interrogative pronoun ay mula sa salitang 'tanong', kaya't may pakahulugan itong 'pantanong'.

Maari itong isahan o maramihan na ginagamit sa pagtatanong tungkol sa bagay, tao, hayop, pook, gawain, katangian, panahon at iba pa.

Ang mga halimbawa ng salitang pananong sa isahan ay ang *ano, sino, nino, alin, ilan, magkano, gaano, at kanino*. Sa maramihan naman ay ang mga salitang *anu-ano, sinu-sino, ninu-nino, alin-alin, ilan-ilan, magka-magkano, gaa-gaano, at kani-kanino*.

### Mga Halimbawa ng Panghalip Pananong sa Pangungusap (Isahan)

---

- *Saan* galing si Marga?
- *Sino* ang kumuha ng pera?
- *Ano* ang pangalan mo?
- *Ilan* ang anak ni Berta?
- *Magkano* ang kilo ng manok?

### Mga Halimbawa ng Panghalip Pananong sa Pangungusap (Maramihan)

---

- *Anu-ano* ang kinain mo kanina?
- *Sinu-sino* ang kasama mo sa Luneta?
- *Alin-alin* ang maaari pang gamitin?
- *Magka-magkano* ang ipapamilya mong damit sa Divisoria?
- *Kani-kanino* mo ibibigay ang mga regalo?

## 5. Paari

---

Ang panghalip na paari o possessive pronoun sa Ingles ay mga salitang ipinapalit sa pangngalan ng taong nagmamay-ari ng bagay.

Ang mga salitang halimbawa nito sa isahan ay ang *akin, iyo, at kanya*. Sa maramihan naman ay ang *atin, amin, inyo, at kanila*.

### Mga Dapat Tandaan:

- Wala dapat itong “sa” sa unahan.
- Dapat ay hindi ito sinusundan ng pangngalan
- Ito ay laging nakikita sa bahaging panaguri o pagkatapos ng panandang “ay” at sa unahan ng pangungusap kung walang “ay”.

### Mga Halimbawa ng Panghalip na Paari sa Pangungusap (Isahan)

---

- Ang lumang aklat ay *akin*.
- *Iyo* ang plumang ito.
- *Kanya* ang bestidang pula.
- *Akin* ang basong puno ng tubig.
- *Kanya* ang nakita mong baunan ng pagkain.

### Mga Halimbawa ng Panghalip na Paari sa Pangungusap (Maramihan)

---

- *Kanila* ang lupaing natatanaw mo.
- Ang *inyong* proyekto ay maganda.
- *Amin* ang bahay na ‘yan.
- *Atin* ang bansang Pilipinas.

- Ang malawak na bukirin ay *kanila*.

## 6. Pamanggit

---

Ang panghalip pamanggit o relative pronoun sa Ingles ay mula sa salitang 'banggit' na may pakahulugang 'pambanggit' o 'pangsabi'. Ito ay parirala o kataga na tagapag-ugnay ng dalawang kaisipan o pananalita.

Ang ilan sa mga halimbawa nito ay *daw*, *raw*, *umano*, *diumano*, *ani*, at sa *ganang akin* o *iyo*.

### Mga Halimbawa ng Panghalip na Pamanggit sa Pangungusap

---

- Ang bata *raw* ay kinurot mo.
- Sa ilog *daw* ang piknik sa Sabado.
- Kinuha *umano* ni Rey ang payong mo.
- Ang sanggol *diumano* ay tinangay ng babaeng mahaba ang buhok.
- Ako *raw* ay ipinatatawag ni Binibining Malabanan.

## 7. Patulad

---

Ang panghalip na patulad ay ginagamit sa pagkukumpara, paghahambing, at pagtukoy ng bagay, salita, gawain, o kaisipan. Ito ay nagpapakilala ng pagkakawangis ng dalawang bagay.

Ang mga halimbawa nito ay *ganito* o *ganire*, *ganyan*, at *ganoon*.

### Mga Halimbawa ng Panghalip na Patulad sa Pangungusap

---

- *Ganito* ang dapat nating gawin bukas.
- *Ganyan* ang gusto kong kulay ng buhok.
- *Ganoon* ang sinasabi kong nais na matanggap sa pasko.
- *Ganito* kami sa Makati.
- *Ganyan* ang larawan ng masayang pamilya.

## Gamit ng Panghalip

---

May pitong (7) gamit ng Panghalip: bilang simuno, bilang panaguri, bilang panaguring pangngalan, bilang pantawag, bilang kaganapang pansimuno, bilang layon ng pang-ukol, at bilang tagaganap ng pandiwa sa balintiyak na ayos.

### 1. Ginagamit Bilang Simuno o Paksa ng Pangungusap

---

#### Mga Halimbawa:

- *Ako* ay Pilipino.
- *Ikaw* ay mabait at matalino.

### 2. Ginagamit Bilang Panaguri ng Pangungusap

---

**Mga Halimbawa:**

- Ang kotse ay *kanya*.
- Ang bukid ay *kanila*.

**3. Ginagamit Bilang Panuring Pangngalan**

---

**Mga Halimbawa:**

- Ang *ganitong* prutas ay masarap.
- Ang *ganiyang* damit ay maganda.

**4. Ginagamit Bilang Pantawag**

---

**Mga Halimbawa:**

- *Kayo*, hindi ba kayo papasok?
- *Ikaw*, hindi ka pa ba maliligo?

**5. Ginagamit Bilang Kaganapang Pansimuno**

---

**Mga Halimbawa:**

- *Tayo* ay lalakad na.
- *Iyan* ang kakainin mo.

**6. Ginagamit Bilang Layon ng Pang-ukol**

---

**Mga Halimbawa:**

- Bumili ako ng sapatos para sa *iyong*.
- Para sa *akin* ang tinapay na ito.

**7. Ginagamit Bilang Tagaganap ng Pandiwa sa Balintiyak na Ayos**

---

**Mga Halimbawa:**

- Ang prutas na kinain *ko* ay matamis.
- Binigyan namin *sila* ng bigas.

**Kaukulan ng Panghalip**

---

May tatlong (3) kaukulan ang panghalip: ang palagyo, paari, at palayon.

**1. Kaukulang Palagyo**

---

Kung ang panghalip ay ginagamit bilang paksa o simuno ng pangungusap.

## Mga Halimbawa:

---

- *Tayo* ang nagwagi sa patimpalak.
- *Siya* ay mahusay umawit.
- *Tayo* ay magtipid ng tubig.
- *Sila* ay pumunta sa bayan
- *Siya* ang huwarang guro ng taon.

## 2. Kaukulang Paari

---

Nagsasaad ito ng pang-aangkin ng isang bagay sa loob ng pangungusap. Halimbawa nito ang mga salitang *akin, ko, amin, atin, namin, natin, mo, iyo, ninyo, inyo, niya, kaniya, nila, at kanila*.

## Mga Halimbawa:

---

- Ang bag na asul ay *kaniya*.
- Puntahan *ninyo* si Alex.
- *Akin* ang sinturong itim sa kabinet.
- Samahan *natin* si Larry.
- Ang kurtina *namin* ay makulay.

## 3. Kaukulang Palayon o Paukol

---

Ginagamit ito bilang layon ng pang-ukol at sumusunod sa pandiwang nasa tinig ng balintiyak. Kung minsan ay ginagamitan ito ng palatandaang 'sa'.

## Mga Halimbawa:

---

- Ang batas na ito ay makakabuti sa *lahat*.
- Si Elaine ay papuntahin mo sa *amin*.
- Ang bahay ni Magda ay malapit sa *inyo*.
- Ang makapal na libro ay kunin mo sa *kanya*.
- Si Lyka ay magpupunta sa *kanila*.



## You May Also Like

